

MGA KARAPATAN

ng mga Kalahok sa Pananaliksik, Pag-aaral, o Clinical Trials

(FILIPINO TRANSLATION)

Bilang kalahok sa isang pananaliksik, pag-aaral, o clinical trial, karapatan ko na:

1

Makapagtanong at malaman kung ano ang layunin ng pananaliksik, pag-aaral, o clinical trial, bakit ito ginagawa, ano ang inaasahan mula sa akin, at kung sinu-sino ang mga sponsor at pangunahing researcher/imbestigador.



2

Makatanggap ng maliwanag at madaling maunawaang paglalahad at paglalarawan ng mahahalagang impormasyon tungkol sa pananaliksik, pag-aaral, o clinical trial sa wikang naiintindihan ko o ng kalahok.



3

Makapagtanong at malaman ang mga maaring maranasan na panganib, paghihirap, pagkabalisa, o kawalan ng ginhawa, habang isinasagawa at hanggang pagkatapos ng pananaliksik, pag-aaral o clinical trial.



3.1 Malaman kung sino ang maaring lapitan o hingan ng tulong kapag may katanungan ukol sa pananaliksik, pag-aaral, o clinical trial.

3.2 Malaman kung kanino dapat i-report ang anumang pinsala, aksidente, komplikasyon, o masamang reaksiyon/epekto ng gamot, pamamaraan, o prosesong ginamit sa pag-aaral, pananaliksik o clinical trial.

4

Makatanggap ng maliwanag at madaling maunawaan na impormasyon at paghahambing ng panganib at benepisyo/pakinabang ng iba't ibang uri ng gamot/gamutan, pamamaraan, at proseso na maaring mas mahusay kaysa doon sa ginagamit sa pananaliksik, pag-aaral, o clinical trial.



5

Mabigyan ng sapat na panahon at oras upang ako ay magpasya kung lalahok ako o hindi o kung magpapatuloy ako ng pakikilahok sa pananaliksik, pag-aaral o clinical trial, na malaya mula sa anumang anyo ng tuwiran o di-tuwirang pamimilit, panggigipit, o pamumuwersa.



6

Tumangging lumahok, tumiwalag, o itigil ang pakikilahok/partisipasyon sa pananaliksik, pag-aaral o clinical trial, nang walang anumang epekto sa ibinibigay na pangangalaga, pakikitungo at/o ugnayan sa mga institusyon, mananaliksik, o mga medical professionals.



7

Malaman at maunawaan kung ano ang mga kaugnay na gastusin at kung may matatanggap akong kabayaran.

7.1 Malaman kung may matatanggap akong tulong kapag nakaranas ng pinsala, aksidente, o di magandang reaksiyon mula sa gamot, pamamaraan, o prosesong ginamit ng pananaliksik, pag-aaral, o clinical trial



8

Mapangalagaan ang karapatan sa privacy at confidentiality ko o ng kalahok, sa buong proseso ng pananaliksik, pag-aaral, o clinical trial at maipaaalam kung kanino ibabahagi o kung sino ang may access sa impormasyong nakalap mula sa akin at kung paano pangangalagaan ang confidentiality nang mga impormasyong ito.



9

Igalang ang aking paniniwala, relihiyon, prinsipyo, habang ako ay tumatanggap ng ligtas at maalalahaning pangangalaga, habang ginagawa at kapag tapos na ang pananaliksik, pag-aaral at o clinical trial.



10

Makatanggap ng kopya ng pinirmahang informed consent form at makakuha ng kopya ng resulta ng pananaliksik, pag-aaral o clinical trial kung saan ako ay naging kalahok.



11

Makatanggap ng angkop at sapat na pangangalaga sa loob ng makatwirang panahon, matapos ang pagwawakas ng pananaliksik o clinical trial.



12

Magbahagi ng komento, puna, o reklamo, at mabigyan ng pagkakataong ipaalam ang mga naranasan o nararamdamang hindi magandang reaksiyon, hindi kanais-nais na pangyayari o pagbabago sa kalusugan habang isinasagawa ang pananaliksik, pag-aaral, o clinical trial.

